



NEWS

Hunyo 19, 2020

For Immediate Release

Bagong Kautusan sa Kalusugan ng San Mateo County, Umaayon sa Estado

Lungsod ng Redwood – Sa pagkumpleto ng proseso ng pagkakaiba sa Estado ng California, naglabas ng bagong kautusan ang Opisyal sa Kalusugan ng San Mateo County na si Dr. Scott Morrow para iayon ang county sa Roadmap ng Pagbangon ni Gob. Gavin Newsom. Ang mga negosyo sa San Mateo County ay susunod na sa iskedyul ng estado para sa muling pagbubukas ngunit kailangang sumunod sa mga hakbang sa kaligtasan sa COVID-19 ng lokal na order at sa gabay ng estado.

Ang lokal na kautusang manatili sa bahay noong Hunyo 4, 2020 ay pinawalang-bisa at pinalitan ng bagong kautusan ng opisyal sa kalusugan na nagbibigay-diin sa indibidwal na pagkilos at sa mga kagawiang kailangang sundin ng mga negosyo sa pagpapatuloy ng mga operasyon ng mga ito. Magkakaroon kaagad ng bisa ang bagong kautusan.

Nililimitahan ng kautusan noong Hunyo 17, 2020 ang mga pagtitipon nang hindi hihigit sa 50 tao, binabalangkas ang social distancing at mga kinakailangan sa pagsusuot ng takip sa mukha, pinapayagan ang mga social bubble, at inaatasan ang mga negosyo na magpatupad ng protocol sa social distancing at mga nakasulat na plano sa kalusugan at kaligtasan.

“Lumalayo na tayo mula sa pagbubukas ng mga negosyo ayon sa mga partikular na kategorya at sa halip ay pagtutuunan ng pansin ang mga pagkilos at kagawian,” sabi ni Dr. Morrow. “Habang niluluwagan natin ang mga paghihigpit, ang kakayahang kontrolin ang pagkalat ng virus ay nasa mga indibidwal at komunidad. Ang kolektibong pagkilos ang magpapasiya ng ating kapalaran. Kung may sapat na mga tao, negosyo, o organisasyon sa komunidad ay hindi sumusunod sa mga pamproteksyong rekomendasyon, maaaring kumalat nang matindi ang virus.”

MGA NEGOSYO

Ang mga kinakailangan sa mga negosyo ay nakabalangkas sa [kautusan](#) at [appendix](#).

Sa pagkakaroon ng agarang bisa ng lokal na kautusan, ayon sa mga alituntunin ng estado, ang mga sumusunod na negosyo ay maaari nang gumawa at magpaskil ng mga plano sa kalusugan at kaligtasan, at mapatuloy sa operasyon:

- Mga kainan na may serbisyong dine-in
- Mga hair salon at barber shop
- Mga casino
- Mga family entertainment center
- Mga kainan, winery, at bar
- Mga zoo at museo
- Mga gym at fitness center
- Mga hotel (para sa turismo at indibidwal na biyahe)
- Mga cardroom at racetrack
- Mga campground at outdoor na libangan

Ayon sa mga alituntunin ng estado, ang mga personal na serbisyo tulad ng mga nail salon, body waxing, at tattoo parlor ay puwedeng gumawa ng mga plano sa kaligtasan at magpatuloy ng mga operasyon sa Hunyo 19, 2020.

Ang mga karagdagang impormasyon mula sa estado ay makikita rito:

<https://covid19.ca.gov/stay-home-except-for-essential-needs/>

Kailangan ding sundin ng mga negosyo ang mga alituntunin na partikular sa industriya mula sa estado, na makikita rito:

<https://covid19.ca.gov/industry-guidance/>

At dito:

<https://covid19.ca.gov/roadmap-counties/>

Habang patuloy na pinapayagan ng estado ang mga karagdagang aktibidad at negosyo sa mga naiibang county, nilalayon ng lokal na kautusan na awtomatikong payagan ang mga aktibidad at negosyong iyon sa San Mateo County, na napapaillim sa mga karagdagang paghihigpit ng pag-uugali para mabawasan ang rate ng pagkalat ng COVID-19. Patuloy na tatasahin ng opisyal sa kalusugan ang kautusan at maaaring baguhin ito kung tataas ang panganib na kaugnay ng COVID-19.

PAGSUSUOT NG TAKIP SA MUKHA

Habang sinusunod ng county ang Roadmap ng estado, mananatili ang mga pag-aatas sa pagsusuot ng takip sa mukha at social distancing. Kinakailangan ang pagsusuot ng mga takip sa mukha sa loob o sa pila para makapasok sa mga negosyo tulad ng mga tindahan ng grocery at laundromat, sa mga ospital, klinika, lokasyon ng pagsusuri para sa COVID-19, dentista, at pasilidad na nagbibigay ng pangangalaga ng beterinaryo, at kapag naghihintay sa, o habang nakasakay sa pampublikong transportasyon, kabilang ang mga ride share, Caltrain, at BART.

Inaatasan ng kautusan ang mga driver o operator ng anumang pampublikong transportasyon, pribadong serbisyo ng kotse, o sasakyan sa ride-sharing na magsuot ng takip sa mukha habang nagmamaneho, mayroon mang miyembro ng publiko o wala dahil sa pangangailangan na pababain ang pagkalat ng mga respiratory droplet sa loob ng sasakyan sa lahat ng oras.

Hindi inaatasan ng kautusan ang pagsusuot ng takip sa mukha habang nagmamaneho mag-isa o kasama ang mga miyembro sa parehong pamilya o sambahayan sa sasakyang hindi ginagamit pang-komersiyal.

Para sa mga negosyo, inaatasan ng kautusan ang mga empleyado, contractor, may-ari, at boluntaryo na magsuot ng takip sa mukha sa pinagtatrabahuhan at off-site kapag personal na nakikisalamuha sa publiko, o kapag nagtatrabaho sa anumang pampublikong lugar, tulad ng reception area, palikuran, o service counter - may tao man mula sa publiko o wala sa oras na iyon.

Kinakailangan din ang mga takip sa mukha kung saan ang pagkain ay hinahanda o binabalot para saibenta o ipamahagi, nagtatrabaho o dumadaan sa mga karaniwang lugar tulad ng mga pasilyo, hagdanan, elevator, at pasilidad para sa paradahan, at sa anumang kwarto o saradong lugar kapag may ibang tao, kabilang ang mga katrabaho (maliban sa mga miyembro ng sariling sambahayan o tirahan ng tao)

Inirerekomenda pero hindi kinakailangan ang pagsusuot ng takip sa mukha para sa outdoor na libangan tulad ng paglalakad, hiking, pagbibisikleta, o pagtatakbo. Ngunit nananatili ang mga pag-aatas sa social distancing — kabilang ang pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang layo mula sa ibang tao hanggang sa pinakamalayang posibleng distansya. Para sa mga outdoor na aktibidad, nirerekomenda ng kautusan ang pagdadala ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras, dahil kinakailangang suotin ang mga ito kapag imposible ang anim na talampakang distansya, tulad ng kapag dadaan sa makitid na daan.

Hindi dapat magsuot ng takip sa mukha ang sinumang batang 2 taong gulang o pababa dahil sa panganib ng suffocation. Hindi inaatasan ng kautusan na magsuot ng takip sa mukha ang sinumang batang 12 taong gulang o pababa.

MGA SOCIAL BUBBLE

Ang social bubble ay isang grupo ng labindalawa o mas kaunting tao mula sa magkakaibang sambahayan o tirahan na nagkasundong makisalamuha lamang sa mga miyembro ng kanilang grupo. Ang social bubble ay kailangang mapanatili nang minimum na tatlong linggo, at puwede lang mapabilang ang mga tao sa isang social bubble sa bawat oras. Habang laging inirerekomenda ang pagsusuot ng takip sa mukha at social distancing, hindi kailangang sundin ng mga miyembro ng isang social bubble ang mga pag-aatas na ito kapag kasama nila ang mga miyembro ng kanilang social bubble sa mga outdoor na setting.

Hiniling ng opisyal sa kalusugan na siguraduhin ng sheriff at lahat ng hepe ng pulisya sa county ang pagsunod at pagpapatupad sa kautusang ito. Ang paglabag sa alinman sa mga probisyon ay itinuturing na napipintong panganib at kaguluhan sa pampublikong kalusugan, bumubuo ng abala sa publiko, at napaparusahan ng pagmumulta, pagkakabilanggo, o pareho.

- [Roadmap ng Pagbangon ng Estado ng California](#) (website)
- [Teksto ng Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan](#) (PDF)
- [Protocol sa Social Distancing \(Appendix A\)](#) (PDF)

Makikita ang mga kautusan at pahayag ng Opisyal sa Kalusugan sa website ng Kalusugan ng San Mateo County:

<https://www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders>

Ang impormasyon tungkol sa pagtugon sa COVID-19 ng San Mateo County ay nasa www.smcgov.org.